# Newsletter Text – English

## Golden Sneaker Contest

**Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan - Golden Sneaker Contest**

Ihanda ang mga sapatos at linisin ang mga gulong, darating na ang 2025 Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan Golden Sneaker Contest sa iyong paaralan.

Mula Marso 3 hanggang Marso 14, magtutulungan ang mga estudyante sa mga kalahok na paaralan upang gumamit ng mga aktibo at pinagsasaluhang opsyon ng transportasyon para makarating sa paaralan, tulad ng:

- Paglalakad
- Pagbibisikleta
- Pagpapatakbo ng wheelchair o mobility device
- Skateboarding, paggamit ng scooter, o anumang iba pang sasakyan na pinapatakbo ng tao
- Paggamit ng pampublikong transportasyon tulad ng AC Transit o BART
- Carpooling kasama ang ibang sambahayan

Ang Golden Sneaker Contest ay isang pagkakataon para sa mga estudyante natin na maging pisikal na aktibo, mapalakas ang samahan, at mabawasan ang pagsisikip ng trapiko at polusyon sa ating komunidad ng paaralan. Hinihikayat ang mga magulang at tagapangalaga na sumama sa kanilang mga anak para sa kasiyahan, kahit na ang mga aktibidad lamang ng estudyante ang bibilangin sa contest.

Magtatala ang mga estudyante ng kanilang aktibidad araw-araw kasama ang kanilang guro, na mag-uulat kung nakilahok sila o hindi sa anumang aktibo o pinagsasaluhang opsyon ng transportasyon. Ang silid-aralan na may pinakamataas na porsyento ng paglahok sa mga aktibidad na ito ay mananalo ng mga espesyal na insentibo para sa mga estudyante.

Ang Golden Sneaker Contest ay isang event na inorganisa ng Programa ng Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ng Alameda County, na inisponsoran ng Komisyon sa Transportasyon ng Alameda County. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ng Alameda County, bisitahin ang alamedacountysr2s.org.

Para malaman ang karagdagang detalye o makilahok, makipag-ugnayan kay [ilagay ang pangalan] sa [ilagay ang numero ng telepono at/o email].

Galingan ny'o!